

CHAPTER *One*

*A*los itaob ni Keaton ang buong desk sa matinding galit nang dahil sa narinig na ulat ni Georgia. Nagliparan ang mga papel at dokumento, bumagsak ang intercom at pen holders na naglalaman ng mamahaling mga panulat.

“Tell me again, Georgia. What does my old man want to do? Ipapa-take over niya ang kompanya kay Lance? And he’s giving him the ticket to presidency? Is he starting to be senile now?” Ibinagsak niya ang nakakuyom na mga kamao sa mesa.

He felt like wanting to smash the desk over and over until his knuckles bled dry. Wala siyang pakialam kung mabulabog man ang buong staff niya sa labas.

Matiim siyang tumingin sa babaeng maiksi ang buhok na nakatayo sa kanyang harapan at hindi man lang natinag sa nasaksihang pagwawala niya. Georgia had been serving their family for eleven years now, and she was already used to his hot temper. Keaton liked her. Tapat ito sa kanilang mag-ina, and she was the perfect spy. Si Georgia ang executive secretary ni Leandro Villafuerte, ang kasalukuyang presidente ng *Celze Telecommunications*.

Noong araw na ipasok ng ama sa kompanya ang half-brother niyang si Lance, kinuntsaba na ng kanyang ina si Georgia upang maging mata at tainga nila sa bawat plano at desisyon na gagawin ng kanyang ama.

“Your father is serious about this, Keat. Kahapon ay kinausap na niya ang higher management. Ipinaalam niya sa kanila ang plano niyang i-appoint ang kapatid mo bilang presidente ng kompanya. And you know what that means,” seryosong sabi ng babae matapos sulyapan ang hawak na tablet. “Whoever has control over *CelzeTel* automatically gets the attention of *The Order*.” Georgia was referring to the secret society that was running the country. Everyone in the upper class knew how big of a deal it was.

It was what her mother, Gracilda, had been dreading to happen for years—ang gawing successor ni Leandro si Lance. Kahit si Keaton ay hinding-hindi matatanggap ang bagay na iyon. He's the legitimate child, for Christ's sake! The company his grandfather founded was his birthright, and that included the chance of acquiring a seat in *The Order*. Hindi niya iyon isusuko sa isang anak sa labas.

“What the hell did those idiots say? Tell me they did not agree to this crap.”

Nagpakawala ng hangin si Georgia bago sumagot. “Alam mong malaki ang respeto at tiwala nila sa daddy mo. Kung nakikita nilang kumbinsido si Sir Leandro kay Lance, walang magiging dahilan para hindi sila sumuporta.”

“There's a reason, Georgia. Lance is a bastard, at sa aming dalawa, ako ang higit na may karapatan sa lahat!” Nagpupuyos ang damdamin ni Keaton pero pinilit niyang kontrolin ang galit sa kanyang tinig.

Sumundot sa alaala niya ang minsang bilin ng ina: “*You should learn how to control your temper from now on, anak. If you want to beat your brother, forget your old ways and be a better version of yourself.*”

“You know your father doesn't see it that way,”

sabi ni Georgia.

“And that’s exactly why I hate him!” Malakas na ipinalo niya ang kamay sa mesa. *Baby steps, Mom*, sabi niya sa isip.

Marahas niyang hinatak ang kanyang kurbata saka umikot paharap sa floor-to-ceiling glass window ng opisina. Kita mula roon ang nagtataasang commercial buildings at condominiums sa labas. Late afternoon na kaya nagsisimula nang lumubog ang araw.

Nanariwa ang lahat ng sama ng loob na kinikimkim ni Keaton simula pagkabata. Noon pa man ay paborito na ng kanyang ama si Lance. Sa mata ni Leandro ay ang kapatid niya ang laging tama at dapat hangaan. He was the brilliant and perfect child... while he was the insolent, worthless son.

He tried to impress Leandro Villafuerte a thousand times but his father would only see Lance. Kaya naman nang gawing habit ng kapatid ang pag-uwi ng mga medalya at top grades mula sa school, siya naman ay nag-set ng maraming records sa principal’s office. He had always been involved in trouble. Kung hindi lang dahil sa impluwensya ng pera ng kanilang pamilya ay baka ilang beses na siyang na-expel sa school.

His mother was able to tame him a bit after high school. Nang mga panahong iyon kasi ay nanganganib na ipamana ng kanyang ama ang majority ng mga ari-arian at negosyo ng pamilya kay Lance kung hindi siya magtitino. And so he grew up.

While Lance took up Business Management here, Keaton studied Electronics and Communications Engineering in the U.S. Naisip niyang hindi niya magagawang talunin ang kapatid sa isang bagay kung saan may karanasan ito. So he figured, he would strike the thing his brother had little to no knowledge of. Lance's weakness would be his strength.

Keaton made their products and services even more unsurpassable in the market. Nang dahil sa kanyang mga henyong ideya, tuluyan nilang napataob ang lahat ng kanilang kakompetensya sa loob lamang ng isang taon. *CelzeTel* now owned the majority of the country's mobile, cable, and internet service consumers. And they weren't even done yet.

But then, getting their father's favors had always been close to impossible for Keaton. Kahit anong pagsusumikap niya, hindi pa rin siya napapansin ng ama.

Minsan nang naikuwento sa kanya ng mommy

niya na ang ina ni Lance na si Elena Castillo ang una at tanging babaeng minahal nang totoo ng kanyang ama. Dati itong sekretarya ng lolo niya na tinanggal sa trabaho matapos matuklasan ang relasyon nito kay Leandro. Binalak ng daddy ni Keaton na pakasalan si Elena ngunit nagbanta ang lolo niya na itatakwil at tatanggalan ng mana ang kanyang ama kung hindi ito makikipaghiwalay sa babae. It was like a story ripped off from a soap opera.

Leandro chose his inheritance in the end. Napilitang magpakasal sa babaeng anak ng isang mayamang pulitiko, at inabandona ang nobya na lingid sa kaalaman ng lahat ay nagdadalang-tao na nang mga panahong iyon. Nalaman lamang ng kanyang ama ang tungkol sa anak nito nang mabalitaang namatay si Elena sa isang malubhang sakit.

Keaton's father brought the ten-year old kid home, hinarap ang galit ng kanyang ina na wala ring nagawa sa huli kundi tanggapin ang kagustuhan ng kanyang ama na palakihin ang anak nito sa labas. Gayunman ay hindi pumayag ang kanyang lolo na ibigay ang apelyidong Villafuerte sa bata. Up until now, Lance was using his mother's surname.

Matanda si Lance ng isang taon sa kanya,

bagay na palaging ipinamumukha sa kanya ng ama sa tuwing ibibigay nito kay Lance ang mga bagay na gusto niya. Kapatid man niya si Lance ay madalas niya itong ituring na isang estranghero na nakikitira at nakikikain lamang sa mansyon nila. A stranger who was stealing all his father's love and attention. A stranger who was about to steal his birthright.

“Alam na ba ni Mommy ang tungkol dito?” tanong ni Keaton kay Georgia nang sa wakas ay mapakalma ang sarili.

Umupo siya sa swivel chair at inilabas ang cellphone mula sa bulsa. Walang text message o missed call galing sa ina. Ibig sabihin ay hindi pa nito alam ang balita.

Nasa Paris ang mommy niya for an indefinite vacation. May ilang buwan na rin itong wala sa Pilipinas, nililibang ang sarili sa pag-travel sa iba't ibang bansa. The open trip was deemed as a gift from his father, but he knew better. Alam niyang paraan lang iyon ng ama upang sandaling maitaboy ang kanyang ina.

He smiled wryly. Marahil may ilang buwan na ring pinaplano ng kanyang ama ang pagpasa ng kompanya kay Lance. Sinigurado lamang nitong nasa malayo ang mommy niya para walang

makikialam sa desisyon nito. Now it made total sense.

“I chose to tell you this first. Alam nating sa oras na malaman ni Ma’am Gracilda ang tungkol dito, uuwi siya sa Pilipinas ora mismo. A confrontation with Sir Leandro would surely look messy and we don’t want that. Mahirap nang malagay sa alanganin ang posisyon mo,” Georgia replied sensibly. Bumuntung-hininga ito bago nagpatuloy, “And there’s another thing. Binabalak ng daddy mo na ibigay ang announcement sa party.”

Nagsalubong ang mga kilay ni Keaton. In two weeks ay gaganapin ang seventy-sixth birthday party ng lolo niya sa *Hacienda Villafuerte*.

“Lolo dislikes the idea of Lance being the successor instead of me. My father wouldn’t dare—”

“Oh he definitely would, Keat.”

Matagal siyang nanahimik upang mag-isip. Sigurado siyang hindi magugustuhan ng kanyang lolo na kay Lance ipagkatiwala ang pamamahala sa *CelzeTel*. Gayunpaman, wala na itong kapangyarihan upang mabago ang isip ng daddy niya. Simula nang magretiro ang matanda ay nakipagkasundo ito sa anak na hinding-hindi makikialam sa pamamalakad sa kompanya. At kilalang may isang salita si Adolfo Villafuerte.

“I also heard that some members of *The Order* will be there,” dagdag pa ni Georgia.

Ilang sandali rin ang pinalipas ni Keaton bago siya muling nagsalita, “Kung may magagawa lang sana ako para mapatunayang hindi karapat-dapat si Lance na maging successor ni Daddy.”

“The option to discredit your brother is still on the table,” makahulugang suhestiyon ng kausap ngunit naging awtomatiko ang pag-iling niya.

The other thing his mother liked about Georgia was the latter’s cleverness. Parehong mag-isip ang dalawang babae. But Keaton was different from them. He could be an a*s sometimes, but he was never that heinous.

“I don’t play dirty, Georgia. You know that.”

Sumungaw ang maliit na ngiti sa mga labi ng dalaga at hinarap muli ang tablet. May ina-access itong kung ano. “I know you would say that. So I’ve come up with an alternative. Harmless, but still effective.” Umupo ito sa tapat ng desk niya at iniabot sa kanya ang tablet.

“Who’s this?” tanong niyang hindi maalis-alis ang mga mata sa larawan ng magandang babae. Nakapusod ang hindi kahabaan nitong buhok na kinulayan ng chestnut brown. High cheekbones, bright smile, expressive eyes; matamis ang dating

ng anyo, pero may bakas ng tapang.

“She’s Lianne Abelardo, ex-girlfriend ni Lance.”

Nagtatanong ang mga matang napaangat ng tingin si Keaton kay Georgia. Narinig lamang niya ang tungkol doon mula sa kanyang ina. Noong mga panahong nasa U.S. pa siya at nagtatrabaho sa isang cable company ay may kinahumalingan nga raw na babae si Lance dito sa Pilipinas. But they broke up for some reasons he never knew. Keaton was never interested with his brother’s personal affairs anyway.

“Paano naman makakatulong ang babaeng ito?” untag niya.

Dumukwang si Georgia sa mesa at itinuro ang litrato ni Lianne. “Dahil hanggang ngayon ay in love pa rin ang kapatid mo sa babaeng ’yan.”

He narrowed his eyes. “But Lance is marrying Sandra soon.”

“Trust me, Keat. This woman is like Elena to your father, whom your mother often describes as a toxic lover. Poisonous and destructive.” Georgia smiled shrewdly. “She can be a perfect distraction.”



Hindi makapaniwala si Lianne sa nababasang marka sa mga test papers na hawak niya. All seventies, mangilan-ngilan lang ang pasang-awa.

Salubong ang mga kilay na binalingan niya ang katabing si Jonas. Nakatutok ang mga mata nito sa nilalaro sa *PSP*.

“Itabi mo muna ’yan at mag-usap tayo,” nagtitimping utos niya.

Kung hindi nga lang nakakahiya sa ibang pasahero ng bus ay baka nasigawan na niya ang kapatid.

“P’wede bang sa bahay mo na ’ko pagalitan, Ate? Pagpahingahin mo naman ang tenga ko. Nasermunan na ’ko ni Mrs. Palmera kanina, eh.”

Napanganga si Lianne. Was she asleep during the time her little brother was growing up? Hindi siya makapaniwala na ang dating maliit na batang palaging nakabuntot sa kanya ay onse anyos na ngayon at marunong nang sumagot-sagot.

Hinaklit niya ang *PSP* ni Jonas at walang sabi-sabing isinuksok iyon sa loob ng sling bag niya.

“Ate naman, eh!” ungot ng kapatid.

“Ibabalik ko ’to sa ’yo pagkatapos mong ipaliwanag sa ’kin kung bakit ganito ang scores mo.” Ibinandera niya sa harap ng mukha ni Jonas ang test papers. “What happened to you? Parang hindi ikaw ’to, eh. Dati naman, maning-mani lang sa ’yo ang makakuha ng matataas na scores sa exams, minsan perfect ka pa nga. Kasama ka lagi sa top

ten. Kung hindi pa 'ko kinausap ni Mrs. Palmera kanina, hindi ko malalaman na ibinabagsak mo na ang grades mo!”

“Eh sa hindi ko talaga alam ang sagot, eh.” Tamad itong dumungaw sa labas ng bintana.

“Jonas Dane Abelardo! Masyado pang maaga para magrebelde ka sa 'kin, ah. Ano na lang ang sasabihin nina Papa at Mama?”

“Ate, patay na kaya sila.”

Naningkit ang mga mata ni Lianne. “Namimilosopo ka pa?”

Ngumisi lamang si Jonas. Nagtagis ang mga bagang niya pero pinilit niyang pakalmahin ang sarili. Alam na alam talaga ng kapatid kung paano paiinitin ang kanyang ulo. She threw herself against the backrest and blew out a sigh.

Seventeen years old si Lianne noong mamatay ang mga magulang nila. Pauwi na sana galing Mindoro ang kanilang papa at mama nang hindi inaasahang lumubog ang barkong sinasakyan ng mga ito. Nakipaglibing ang mga ito sa isang kamag-anak at hindi na lamang sila isinama. There was a time when she wished that their parents brought them along. Hindi pa kasi siya handa sa isang responsibilidad noon.

Ang Tita Delia nila na nag-iisang kapatid ng

mama nila ang siyang kumupkop sa kanila. Pero nang makatapos ng college at makahanap ng trabaho ay ipinasya ni Lianne na bumukod silang magkapatid. Iyon din kasi ang gustong mangyari ng asawa ng kanilang tiya.

Sa nakalipas na walong taon, si Lianne ang tumayong ama at ina kay Jonas. Mahal na mahal niya ang kapatid at ipinangako niyang aalagaan ito hanggang sa panahong kaya na nitong itaguyod ang sarili.

“Sinasabi ko sa ’yo, Jonas. Kapag hindi mo inayos ang grades mo, hindi mo na ulit mahahawakan ang *PSP* mo,” banta niya.

Nang wala siyang narinig na sagot mula sa kapatid ay nilingon niya ito. Galit ang tingin nito na nakatuon sa labas ng bintana. Traffic sa Edsa at kasalukuyang nakahimpil ang bus nila.

“Nagsasalita ako dito, Jonas. Ano ba ’yang tinitingnan mo...” Natigilan siya nang mapatuon ang pansin sa malaking billboard.

It was an advertisement for an expensive watch and jewelry brand. Nakapulupot ang braso ng lalaking nakasuot ng tuxedo sa collarbone ng babae habang ipinapakita ang luxury watch sa bisig nito. The woman on the other hand, was sensually touching her man’s arm, flaunting the shimmering

diamonds on her engagement ring. The man had forlorn eyes, and his mysterious stare added substance to his handsome features.

Lianne felt her heart skip a beat upon seeing that familiar face. Pero madali rin iyong napalitan ng kirot at sama ng loob lalo pa nang muling mapadako ang tingin sa magandang babae at sa singsing na suot nito. Lianne knew the ring was not just a prop. It was that woman's real engagement ring. Ang lalaking kasama nito sa picture ang siyang nagbigay niyon dito.

“Galit ako sa kanya, Ate,” narinig niyang seryosong sabi ni Jonas. “Iniwan ka niya para magpakasal sa ibang babae. Pero mas galit ako sa 'yo.”

Napasinghap siya at binalingan ang kapatid. “Jonas...”

Lumingon ito sa kanya nang may matigas na anyo. “Galit ako sa 'yo dahil hinayaan mong saktan ka niya. At hanggang ngayon, sinasaktan mo pa rin ang sarili mo nang dahil sa kanya.”

CHAPTER *Two*

“*G*ryffindor tattoo? Hindi naman obvious na *Harry Potter* fan ang client, ano?”

Mula sa papel ay nag-angat ng tingin si Lianne sa office manager ng *LXC Signs* na si Tammy. May bitbit itong isang box ng donuts at coffee tray na may lamang dalawang coffee cups. Nabuhay ang dugo niya nang manuot sa kanyang ilong ang masarap na amoy ng white chocolate at brewed coffee. Bigla tuloy nahiya ang three-in-one na kapeng inalmusal niya kanina sa bahay.

Apat na taon nang nagtatrabaho si Lianne bilang senior designer ng *LXC Signs*. Maliit lamang ang kompanya nila pero kilala sila sa sign manufacturing industry. They catered to small

businesses, commercial centers, and some fast food chains in Metro Manila.

“Tammy, I’m in love with you,” madramang sambit ni Lianne matapos ilapag ang brush pen at abutin ang isang cup mula sa babae. Dumampot na rin siya ng isang donut mula sa box.

“Sus, mahal mo lang ako kapag nanlilibre ako ng kape.” Umismid ito saka umupo sa katabing swivel chair. “Teka nga, Lianne, mag-usap tayo. Alam mo bang tinawagan ako ng kapatid mo kagabi para itanong ang address ni Lance?”

Natigil siya sa pagkagat sa donut. “Ano?”

“Seryoso nga, eh. Kung hindi ko lang kilala si Jonas, iisipin kong binata ang kausap ko sa phone. Ano ba’ng nangyari at parang may plano siyang sugurin ang ex mo?”

Nakaramdam ng pag-aalala si Lianne para sa kapatid. Mula nang makita ni Jonas ang billboard nina Lance at Sandra noong isang araw, hindi na ito halos makausap. Hinayaan na lamang niya ito sa pag-aakalang lilipas din ang mood swings ng kapatid. But what was her brother thinking?

“Siyempre di ko binigay at baka kung ano pa ang mapagtripang gawin ng batang ’yon. Ano ba talaga’ng nangyari?”

Sa lahat ng mga katrabaho sa opisina, si

Tammy ang pinakamalapit sa kanya at ang tanging nagagawa niyang kuwentuhan ng mga bagay tungkol sa buhay niya. Madalas din itong mag-sleepover sa apartment nila kapag napapaaway sa sugalero nitong asawa.

Ikinuwento niya ang nangyari noong araw na sinundo niya ang kapatid mula sa school.

“Tsk, tsk. Hindi na ’ko magtataka kung nagsalita siya nang gan’on. Smart kid si Jonas at mature nang mag-isip. Isa pa, may point siya. Mag-iisang taon na kayong hiwalay ni Lance pero hanggang ngayon ay hindi ka pa rin nakaka-move on sa kanya.”

Akmang dedepensa si Lianne nang bigla siyang unahan ni Tammy. “O, ’wag mo ’kong bibigyan ng ganyang tingin! Subukan mong i-deny ang sinabi ko at sasabunutan kita nang sampung beses. Sa tingin mo ba, hindi nagkukuwento sa ’kin si Jonas na may ilang beses ka niyang nahuling umiiyak at nagpapakalasing sa isang sulok? Na madalas mong ipakita sa mga tao na strong ka, pero deep inside, heartbroken ka pa rin. Hindi mo masisisi ang kapatid mo na mag-alala sa ’yo. Ikaw lang ang kinalakihan niyang pamilya, eh. Saka lalaki ’yon, siyempre magiging protective siya sa ate niya.”

“Pero problema ko ’to. Kung ano man ang pinagdadaan ko ngayon, ayokong maapektuhan

si Jonas. Masyado pa siyang bata para sa mga ganitong bagay.” Bigla tuloy niyang naalala ang pagbagsak ng mga grades ng kapatid.

“Hindi lang sa ’yo nakipag-break si Lance. Alam mo kung gaano napamahal ang lalaking ’yon sa kapatid mo.”

Nasaksihan ni Lianne kung paano naging masaya si Jonas nang dumating si Lance sa buhay nila. Sa dalawang taong itinagal ng kanilang relasyon, itinuring na ni Jonas na parang kuya si Lance. Lance would always help her brother with his studies and they would hang out a lot. The three of them became a family. A happy one. Until Lance gave up on their love. How selfish of her to think that the breakup only affected her? Lance broke her poor little brother’s heart, too.

Hindi tuloy niya napigilan ang muling pag-ahon ng galit sa kanyang dibdib. That painful afternoon became alive in her memories again...

Bumangon si Lianne nang maramdamang wala si Lance sa tabi niya. She was naked and she could feel the cold sea breeze pricking her skin from the open balcony. Matapos isuot ang bestida ay bumaba siya sa cabin para hanapin ang nobyo. Nakita niya itong nakatayo sa shore, ang suot na puting polo at makapal na buhok ay isinasayaw ng hangin. She

walked towards him, feeling the fine white sand underneath her bare feet.

“Bakit pinapanood mo ang sunset nang mag-isa? Madaya ka,” sabi niya sa nagtatampong himig saka niyakap si Lance mula sa likod.

Lianne always liked how she could easily wrap her arms around him.

“You were sleeping soundly. Ayokong gisingin ka.” Pinisil nito ang mga kamay niya. “Besides, you’re not that late. Palubog pa lang ang araw.”

Kumalas siya kay Lance at humarap sa sunset. It was the most beautiful view she had ever seen. “Ang ganda talaga dito. Sayang at hindi natin kasama si Jonas. Sigurado akong matutuwa ’yon sa view.”

Nasa isang private beach resort sila. Regalo ni Lance ang out-of-town trip na iyon para sa second year anniversary nila. Gusto sana niyang isama si Jonas, pero naisip niyang espesyal ang trip na iyon para sa kanilang dalawa.

She didn’t want to assume, but somehow, the thought of Lance planning to propose to her came to her mind. Kung sakali mang tama ang kanyang hinala ay walang pag-aalinlangan siyang sasagot ng ‘oo’ sa lalaking kanyang pinakamamahal.

Nakilala ni Lianne si Lance nang minsang magkaroon ng team building ang kompanya nila.

For some crazy but sweet twist of fate, she got left behind in the middle of a secluded town with no means of transportation. She met Lance on the side of the road, who happened to be lost and waiting for a ride as well. They hitchhiked on the back of a truck and talked for hours. Hindi pa niya alam kung sa anong pamilya ito kabilang noon.

Madaling nagkagaanang ang mga loob nila dahil marami silang pagkakapareho. From their views toward the society down to their taste of music. One day, Lance asked her for a date and she didn't refuse. Ipinagtapat nito ang lahat ng tungkol sa pamilyang pinanggalingan nito.

At first, she hesitated to see him again. Ang huling bagay na gugustuhin niyang mangyari ay ang makihalubilo sa mayayamang tao na kagaya ni Lance. Life with those people was too complicated.

But she failed to resist him.

Lance was everything she wanted: smart, gentleman, and caring. Bonus pa ang pagiging guwapo nito. Sa tuwing makakausap niya ito ay para bang nakakalimot siya sandali sa mundo. At kahit isang mayaman at maimpluwensyang tao ang ama ni Lance, hindi ito kailanman nagyabang sa buhay. Kaya naman madaling nahulog ang loob niya rito.

Lianne held his hand and smiled at him. He

smiled back. But something else was painted all over his face.

Bahagyang kumunot ang noo niya. “Hey, may problema ba?”

Noon nawala ang ngiti sa mga labi nito. “I need to tell you something, Lianne.”

Her heart leapt in excitement. Would Lance finally ask her to marry him? Pinigilan niya ang sariling magpakita ng kahit anong emosyon.

“Mukhang importante ’yan, ah.” Pinakaswal niya ang tono.

Lance stared at her gravely. Naramdaman niya ang paghigpit ng hawak nito sa kamay niya. Kinabahan siya nang makita ang biglang pagbakas ng paghihirap sa mukha nito. Something felt wrong.

Lianne lifted her hand and reached for his face.

“Lance...”

Inabot ng binata ang kanyang kamay at pumikit. Matagal nitong hinagkan ang palad niya bago muling nagsalita, “I’m sorry, Lianne. I’m so sorry.”

Sumibol ang takot at pag-aalala sa kanyang dibdib. “H-hindi ko maintindihan. S-sorry saan? Dahil ba hindi mo ’ko ginising?” She faked a laugh. “Ano ka ba, okay lang ’yon. Hindi ako galit. Naabutan ko naman ang—”

“We can’t be together.”

Pakiramdam ni Lianne ay huminto sa pag-ikot ang kanyang mundo. She hoped she misheard the words. Or that Lance was joking.

Lance was the first and only man she ever loved. The person who filled the hole in her life since their parents died. Ang tanging lalaking nais niyang makasama sa pagbuo ng pamilya.

Hindi niya nagustuhan ang nakita sa mga mata ng nobyo nang magmulat ito at salubungin ang kanyang tingin. “Kailangan ako ni Papa at ng kompanya. I love you, Lianne. I really do. But I have to make a choice.”

Nag-init ang sulok ng kanyang mga mata at tila ba may bakal na kamay na basta na lamang pumiga sa kanyang puso.

“Tell me you’re joking, Lance.” Her voice trembled.

Hindi umimik ang lalaki.

“Isinama mo ’ko dito para lang hiwalayan? How could you?!”

Nagpakawala ito ng mabigat na hininga. “I wanted to be with you for the last time.”

Malakas na dumapo ang kanyang kamay sa pisngi nito at siya naman ang napapikit nang mariin, sinusubukang supilin ang matinding sakit na tumutunaw sa kanyang puso. Every nerve in her

body wanted to cry. To be in rage. To scream like hell.

“You’re a heartless man, Lance!”

Tatlong buwan matapos ang araw na iyon, nabalitaan ni Lianne na engaged na si Lance sa anak ng CEO ng isa sa pinakamalaking holding company sa Pilipinas. Sandra Contreras was a media darling kaya naman simula nang makabit ang pangalan ni Lance dito ay nagsunud-sunod na rin ang public appearance ng lalaki. Lianne found it funny thinking that Lance used to hate media attention.

The fact that Lance chose inheritance over her was painful enough already. But to think that he had replaced her just like that? And not to mention the other devastating thing that happened to her. No one knew about the other loss she experienced after the breakup. Not even Tammy.

Lianne was barely trying to survive. Pinipilit lamang niyang patatagin ang sarili para sa kapatid.

Umabante si Tammy para sana abutin ang kanyang kamay nang biglang dumating sa workroom si Ronnie, ang co-designer niya.

“Wow, mukhang may heart-to-heart talk kayo dito, ah. Gusto ko sanang sumali kaya lang may bago tayong kliyente sa labas. Hinahanap niya’yung senior designer natin.”

“Sige, Lianne, ikaw na muna ang humarap. Maglalabas ako ng refreshers,” ani Tammy.

“Okay.” She tucked the loose strands of her ponytailed hair behind her ears and fixed her shirt and jeans. Dumerecho siya sa receiving area kung saan naroon ang kliyente.

Nadatnan niyang nakaharap ang lalaki sa mga signages at logos na naka-display sa pader. Kahit nakatalikod ay ramdam niya ang lakas ng dating nito. The man wore dark jeans and white buttondown shirt. The fabric looked smooth against the solid muscles of his back.

Matangkad ang lalaki, malapad ang mga balikat, at well-defined ang biceps. Lianne was never a fan of muscular men, but she would make an exception just to admire this man’s hot physique.

“Hi, Sir. Welcome to *LXC Signs*,” bati niya na humakbang palapit sa lalaki. She could smell the expensive scent of his perfume. It was intoxicating.

Nang humarap ang lalaki ay halos mapatda siya sa kinatatayuan. Parang may magnet ito na awtomatikong bumitag sa kanyang mga mata. His presence was strong and manly, the kind of man you’d see doing drag racing with muscle cars.

Kahit nakasuot ng shades ang lalaki, ramdam niyang pinag-aaralan din siya nito ng tingin. She

flushed when the corner of his mouth turned up. Napaiwas siya ng tingin.

“Are you the senior designer?” His voice was deep and sexy.

Ibinalik niya ang tingin sa lalaki at pinilit umakto nang natural. “Yes. I’m Lianne. Marami kaming collection ng unique at customized typeface and logos. P’wede kong ipakita sa ’yo ang portfolio namin. Para sa anong establishment ba ang signage na ipapagawa mo?”

“It’s for a special branch store na bubuksan namin sa Taguig. I want something lively but still professional-looking.” He strolled on the other side of the room, checking more of their samples.

Kinuha ni Lianne ang notebook at ballpen mula sa counter. “Ano ba ang nature ng business n’yo?”

“Telecom.”

Kung related sa telecommunications ang kompanya ng lalaki ay tiyak na malaking account ang aasahan nila. Pero mas malaki ang tyansa na subsidiary lamang ng mas malaking kompanya ang pinag-uusapan nila.

She continued taking down notes. “May I know what company is this?” friendly niyang tanong.

Naramdaman niyang humarap ito muli sa kanya. “*CelzeTel*.”

Napalis ang ngiti sa mga labi ni Lianne. Isang mukha ang lumitaw sa isip niya pagkarinig sa pangalan ng kompanya.

But was this some kind of a joke? *CelzeTel* was currently the king of the telecommunications industry. A billion-worth company. Ano ang ginagawa ng representative ng *CelzeTel* sa maliit nilang shop?

“This is a joke, right?” She wanted to smile but the face of Lance kept popping up in her head.

“Do you think I’ll waste my time here for a joke?” pakli ng lalaki sabay tanggal sa suot nitong sunglasses. Saying that he’s attractive was an understatement.

Ibinalik ni Lianne sa usapan ang atensyon. “Representative ka ba ng *CelzeTel*? Who sent you?” Huli na nang ma-realize niya ang tanong na iyon. Iniisip nga ba niyang ipinadala ni Lance ang lalaking ito? Para saan?

The man smirked. “Relax, Miss Abelardo. Lance didn’t send me here.”

Her expression hardened. Sino ba ang lalaking ito? He obviously knew something about her and Lance.

“If you’re not here for business, Mister, you can leave now,” mariin niyang sabi.

“I want to talk to you first.”

“Talk about what? Umalis ka na dahil wala akong balak makipaglokohan,” matapang niyang sagot.

Amused itong ngumiti. Naglaho ang lahat ng atraksyong naramdaman niya rito at napalitan ng pagkairita.

She hated hearing about *CelzeTel*. She hated hearing about Lance. She hated anything or anyone that had something to do with that heartless man!

“Fine. Sasabihan ko na lang ang office manager na paalisin ka.” Tumalikod siya.

“I’m Keaton Villafuerte. I assume na nabanggit na ako ni Lance sa ’yo?”

Napahinto si Lianne.

“And I really am here for business. Just a different one, though.”

CHAPTER *Three*

*S*a pangalan lamang kilala ni Lianne ang half-brother ni Lance. At ang huling pagkakaalam niya ay sa ibang bansa ito naninirahan.

She had never personally met anyone from Lance's family. Hindi pa siya nagawang isama ng lalaki sa mansyon ng mga Villafuerte dahil hindi boto sa kanya ang ama nito. Her ex didn't want her to be insulted.

Sa tuwing maiisip iyon ay gusto niyang mainis sa sarili. She was so in love with him before that she didn't see how coward that man was.

"Funny. I thought Lance is too busy impressing our father and stealing everything away from me. Imagine my surprise when I learned about your

existence,” sabi muli ni Keaton sa sarkastikong tono. “You’ve been together for two years until my dear brother realized he likes money and title more than you. Isn’t that depressing?”

Matigas ang anyong napaharap siya muli sa lalaki para lamang lalong mainis sa nakikitang pagmamalaki sa anyo nito.

“Lance was right about you. Arogante ka at walang pakialam sa damdamin ng ibang tao,” asik niya.

“At least hindi kita pinaasa kagaya ng ginawa niya sa ’yo.” Muling tumaas ang isang sulok ng mga labi ni Keaton saka ito paupong sumandal sa mesang naroon. He folded his arms and legs, looking gorgeous and annoying at the same time.

“Nandito ka ba para ipamukha lang sa ’kin ’yan?” she snapped.

Sandali siya nitong tinimbang ng tingin bago sumagot. “I can help you get back at him.”

Napakunot-noo si Lianne.

“My father wants to appoint Lance as the president of *CelzeTel*. And as his legitimate son, I can’t let that happen. Masyado nang maraming inagaw sa ’kin si Lance. With your help, I can beat him. At the same time, you get your revenge.”

God knows how many times she thought of

hurting Lance back. Na sa tuwing makikita niya ang mukha nito sa telebisyon o kaya sa mga pahayagan ay nais niyang lumapit sa media at isiwalat ang tungkol sa naging relasyon nila. Pero kulang siya sa tapang. Alam kasi niya na sa bandang huli ay siya rin ang mapapahiya.

Para sa kanya ay isang malaking kalokohan ang gustong mangyari ni Keaton. The last thing she wanted was to get involved with another Villafuerte.

“Nag-aaksaya ka lang ng panahon, Keaton Villafuerte. Nananahimik na ’ko at anuman ang nakaraan namin ni Lance ay matagal ko nang ibinaon sa limot.”

Sumeryoso ang anyo ng lalaki at malalaki ang hakbang na tinawid ang distansya sa pagitan nila. His powerful scent was disturbing every nerve in her body. He was studying her face, as if trying to find her weakness so he could penetrate her walls.

Lianne tried her best not to give in to whatever intimidation tactic he was trying to pull, but she failed. Ni hindi niya nagawang pasunurin ang mga paa na humakbang palayo sa lalaki. He was too much for her. Sa huli ay napaiwas na lamang siya ng tingin.

Ibinaba nito ang ulo sa gilid ng kanyang mukha. “You’re a liar and a coward,” he rasped, his lips slightly brushing against the side of her

ear. Kumikiliti sa kanyang balat ang mainit nitong hininga at kinailangan niyang pigilan ang sariling mapasinghap.

“Natatakot kang aminin sa sarili mo kung gaano katindi ang sama ng loob na nararamdaman mo para kay Lance. Kung gaano kasakit para sa ’yo ang ginawa niya. He dumped you. He treated you like trash. I can smell your desire for retaliation, Miss Abelardo. Don’t even think of hiding it.”

Nang lumayo ito sa kanya ay tila noon lamang siya muling nakahinga. Inilabas nito ang wallet mula sa bulsa ng pantalon at nasilip niya sa sulok ng kanyang mata ang paglapag nito ng calling card sa coffee table.

“Consider my offer and call me once you’ve decided to stop fooling yourself.”



“Jonas, bakit hindi ka pa nag-aayos? Male-late na tayo sa school.”

Iritableng napabuga ng hangin si Lianne nang makita ang kapatid na nakahilata pa sa sofa at nanonood ng anime. Pasado alas seis na ng umaga at kung hindi pa sila magmamadali ay paniguradong maiipit sila sa traffic. May event pa naman sa school ng mga ito ngayon at isinabay na rin doon ang kanilang PTA meeting.

Inis na hinablot ni Lianne ang remote at pinatay ang TV. Nagpamaywang siya sa harap ng kapatid at galit itong tiningnan. “Talaga bang sinusubukan mo ang pasensya ko, Jonas? Kapag ako nainis, kina Tita Delia kita dadalhin sa bakasyon mo. Hindi ako nagbibiro!”

Bumalikwas ito ng bangon at bumusangot sa kanya. “Ayoko nga d’un! Siguradong uutusan lang ako ni Tito Manny na maglinis ng kulungan ng mga baboy nila.”

“Yun naman pala, eh. So ano pa’ng hinihintay mo d’yan? Maligo ka na at mag-ayos!”

Nang magmartsa patungong banyo ang kapatid ay ang sarili naman ang kanyang inatupag. Simpleng blouse at jeans ang isinuot niya. Matapos magsuklay ng buhok ay naglagay siya ng kaunting face powder at lipstick.

There was a time when she asked Tammy to teach her how to properly use makeup. Hindi siya mapapaalis ng bahay noon nang hindi nag-aayos. Ginusto niya noon na maging kaakit-akit sa mga mata ni Lance kahit palagi nitong sinasabi na napakaganda na niya.

Mapakla siyang ngumiti. Hindi siya makapaniwalang nagpakatanga siya sa lalaking iyon noon.

Dumapo ang mga mata ni Lianne sa tarhetang umusli mula sa loob ng kanyang wallet. Nakatala roon ang contact information ni Keaton Villafuerte. Hindi niya maintindihan kung bakit niya iyon itinago. She should have thrown the calling card away, but it seemed a part of her wanted to keep it.

“I can help you get back at him.”

Iniling-iling niya ang ulo. Isang malaking kahangalan para sa kanya ang balaking paghigantihan si Lance. She wanted nothing but not to encounter him ever again.



Kung minsan ay gustong isipin ni Lianne na may malaking kasalanan siyang nagawa sa nakaraan niyang buhay kaya pinarurusahan siya ngayon. Nananadya ba ang tadhana at talagang pinaliliit nito ang kanilang mundo ni Lance?

Naroon ang lalaki sa school ni Jonas upang personal na obserbahan ang pag-i-install ng *CelzeTel* ng internet connection sa paaralan.

“Nothing’s more important than to ensure that the young ones will receive high quality education. Every classroom should have access to the internet to expand their resources for learning. As we all know, we’ve already entered the digital age. The goal of *CelzeTel’s* new project is to be able to provide

high speed internet connection to all schools in the country. We're hoping to accomplish this within the next few years," pormal na litanya ni Lance sa harap ng media. "Wala ring dapat ipag-alala ang mga magulang at guro. We've implemented browsing restrictions, set up parental controls and content filters to prevent students from accessing inappropriate sites."

"Mr. Castillo, alam nating hindi biro ang budget na kakailanganing ilaan ng mga paaralan para rito. Ibig bang sabihin ay may posibilidad na makadagdag ito sa tuition ng mga estudyante? Paano ang mga public schools?" tanong ng isang reporter.

Ngumiti si Lance at hinarap ang lalaking nagtanong. "Well, we've given special discounts to the private schools. As for the possible increase in school fees, I think it's best to ask the schools' administration directly. Sa mga public school ay walang dapat ipag-alala ang mga magulang. Our company has an arrangement with the government."

Patuloy pa rin ang pagtatanong ng ilang reporters pero hindi na nakinig pa si Lianne. Mabilis siyang nagtago sa likod ng malaking puno nang makitang padaan sa direksyon niya si Lance kasama ang ilang staff ng *CelzeTel*. Sumalubong sa mga ito ang mga estudyanteng pinalabas ng mga guro upang bumati

sa mga bisita. Naroon din ang ilang magulang na kasama sa PTA meeting. Sinadya niyang humiwalay sa mga ito matapos marinig na naroon ang isa sa mga anak ng may-ari ng *CelzeTel*.

Nasapo niya ang dibdib nang makitang kasama si Jonas sa mga estudyanteng naroon. Kung may laser lang ang mga mata ng kapatid ay baka kanina pa nalusaw si Lance sa kinatatayuan nito.

“Mukhang narito ang mga estudyante natin para batiin kayo, Mr. Castillo,” masiglang sabi ng isang matabang babaeng may hawak na audio recorder. “Kanina ay in-interview namin ang ilan sa kanila para malaman kung ano’ng nararamdaman nila sa pagkakaroon ng internet access sa mga classroom nila. Lahat sila ay excited maliban sa isang fifth grader na tingin ko ay may personal na galit sa inyo.” Sumibol ang kuryosidad sa mukha ng ibang reporter na naroon.

Nang tawagin ng babae si Jonas ay lumakas lalo ang pagkalabog ng dibdib ni Lianne. Gusto niyang tumakbo sa direksyon ng mga ito at hatakin palayo ang kapatid pero kulang ang kanyang tapang para magpakitang muli kay Lance.

“I heard something interesting from this kid, Mr. Castillo. Ang s’abi niya ay kilala ka raw niya personally dahil ex-girlfriend mo raw ang ate niya.

Madalas ka nga raw sa apartment nila noon,” sabi ng reporter na kung makapang-intriga ay parang writer ng showbiz news sa mga tabloid. “Ang s’abi pa ng batang ito ay pinaiyak mo raw ang kapatid niya n’ong nakipaghiwalay ka.”

Natulos si Lianne sa kinatatayuan at parang hirap siyang huminga. Still, she waited to hear what Lance would say.

Ngumiti ang binata at hinawakan ang balikat ni Jonas. “Kamukhang-kamukha ko ba ang ex-boyfriend ng ate mo? Sobra siguro niyang sinaktan ang kapatid mo kaya ka galit sa kanya.”

“So hindi mo kilala ang batang ito, Mr. Castillo?”

Namuo ang matigas na buhol sa sikmura ni Lianne nang makita ang pag-iling ni Lance. “I feel sorry for her sister though. Kung sino man ang lalaking nanakit sa ate mo, sigurado akong kakarmahin din siya.”

Hindi makapaniwalang napabuga ng hangin si Lianne, ang sulok ng mga mata ay nagsimulang mamasa. Nasuntok niya ang puno sa labis na pagpupuyos ng damdamin. Si Jonas ay nanatiling nakayuko at namumula sa labis na galit. She wondered what he was thinking. Natatakot siya na bigla na lamang itong magwala roon.

“Don’t worry, kid. I’m sure na makakahanap din

ng karapat-dapat na lalaki ang ate mo.” Tinapik-tapik ni Lance ang balikat ni Jonas. “Ang dapat mong gawin ngayon ay alagaan siya at protektahan.”

“Ang ganda po ng sinabi n’yo, Mr. Castillo,” komento ng isang babaeng taga-media rin. “Kaya napakasuwerte po ni Miss Sandra sa inyo.”

Hinarap ni Lance ang mga reporters. “Actually, ako ang mas masuwerte sa kanya.” Nagkangitian ang ibang reporters at ang mga staff ng binata.

“Ang mabuti pa ay mag-picture taking tayo sa office ko, Mr. Castillo,” yakag ng principal na agad namang tinanguhan ni Lance.

Sinundan niya ng matalim na sulyap ang lalaking papalayo. How could he say those things? How could he deny her in front of other people? Pero ang mas masakit ay ang pagkaila nito kay Jonas. Naaawa siya sa kapatid na nanatiling nakatayo roon at tulala habang tinutukso at pinagtatawanan ng mga kaklase.

Hindi na niya kinayang panoorin ang kapatid sa ganoong lagay kaya malalaki ang hakbang na nagmartsa siya papunta sa kinaroroonan nito. Hinaklit niya ang braso ni Jonas at inakay ito palayo. Wala siyang pakialam kung pinagtitinginan sila ng mga naroon. Pinilit din niyang ipinid ang pandinig sa mapanuyang bulungan ng mga magulang at guro

roon.

Dinala niya si Jonas sa lugar na pinagkublihan niya kanina at galit na niyugyog ang magkabilang balikat nito. “Ano ba’ng pumasok sa isip mo at nagsalita ka nang ganoon?” namimiyok-miyok na singhal niya rito.

Noon nag-angat ng mukha ang kapatid. “Totoo naman ang sinabi ko, ah? Totoo namang sinaktan ka niya at iniwan.”

“Nababaliw ka na ba? Alam mo kung ano’ng estado ni Lance. Sa tingin mo ba, aamin siya sa harap ng reporters? Dapat ay iniwasan mo na lang siya. Dapat nanahimik ka na lang!”

“Hindi ba ’yon naman ang ginawa ko kanina?” kastigo ni Jonas.

Natigilan si Lianne. Lumuwag din ang pagkakahawak niya sa mga balikat ng kapatid.

“Kahit gusto ko siyang awayin, kahit gusto kong sabihin na sinungaling siya, hindi ko ginawa. Wala akong pakialam kung tuksuhin ako ng mga kaklase ko.” Yumuko ito. “Ayokong ikaw ang mapahiya. Kaya hindi na ako nagsalita.”

Napaluha siya at natapik ang noo. Mayamaya ay kinabig niya si Jonas at niyakap ito nang mahigpit.

“Ang sama niya, Ate. Ang sama-sama niya!” Narinig niya ang mahinang paghikbi nito. “Paano

niya nagawang itanggi na kilala niya tayo?”

Napapikit si Lianne nang mariin.

Mayamaya ay kumalas ang kapatid at pinahid ang sariling luha. Naninikip ang kanyang dibdib sa nakikitang sakit sa mukha ni Jonas.

“Wag kang mag-alala, Ate. Hindi na ’ko gagawa ng gulo, promise. Magbe-behave na ’ko at hindi ko na lang siya papansinin. Babalik na ’ko sa classroom bago pa ’ko hanapin ni Ma’am.” Tumalikod ito at nagtatakbo pabalik sa school building.

Sandali rin niyang pinagbigyan ang sarili na mahimasmasan mula sa pag-iyak. Mayamaya ay mabilis niyang kinuha ang wallet at hinugot mula roon ang calling card ni Keaton Villafuerte. Nanginginig ang mga daliring tinawagan niya ang numero nito. Pagkatapos lamang ng ilang ring ay sumagot ito agad.

“Hello?” bati ng lalaki mula sa kabilang linya.

Pinatatag niya ang tinig. “Bukas pa ba ang alok mo sa ’kin?”



Tinanaw ni Keaton si Lianne mula sa malayo matapos nitong putulin ang tawag. Nakasuot siya ng eyeglasses at ID na pang-media bilang disguise para lamang makapasok sa eskuwelahan. He had been keeping tabs on Lance’s recent activities. Nang

malamang naka-schedule itong pumunta sa paaralan kung saan nag-aaral ang kapatid ni Lianne ay hindi siya nag-aksaya ng panahon. He wanted to see how the bastard would act upon seeing his ex's brother. What he witnessed was beyond his expectations.

That was low, Lance, even for you.

Pero ang mas hindi niya inasahan ay ang makita roon si Lianne. She was hiding, and he could see the anger in her eyes while watching Lance deny her brother.

He somehow felt an urge to approach her and offer his shoulder. Naawa rin siya nang makita ang magkapatid na parang pinagsarhan ng buong mundo. Their tears, their pain... he wanted to do something about it. He wanted to make them feel better, shield them from all the ridicule. Hell, he even thought of punching Lance's face in front of everyone.

But he wasn't that person. He never cared about other people. Kailangan lamang niya si Lianne para sa planong talunin ang half-brother niya. Dapat nga ay ipagpasalamat pa niya ang nangyaring ito.

He called Georgia.

"Did something happen, Keat?" tanong ng babae mula sa kabilang linya.

"She's in," sagot niya.